



**Accountable Health Communities (AHC)
Health-Related Social Needs (HRSN) Tulong
sa Pagsusuri**

Multiuse version



HALIMBAWA NG PANIMULANG TEKSTO

Ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na ito ay nakikilahok sa programa ng Accountable Health Communities (AHC) na pinuhunanan ng Centers for Medicare and Medicaid Services. Matutulungan ka ng programang ito upang makipag-ugnayan sa mga serbisyo sa iyong komunidad na maaaring makapagpabuti sa iyong kalusugan. Karamihan sa mga serbisyong ito ay may mababang halaga o walang bayad. Sa pagsagot sa mga katanungang ito maaari ka naming mabigyan ng mga kaugnayan sa mga serbisyo o mga programa na maaaring makatulong sa iyo.

Ang iyong impormasyon ay pananatiliing kumpidensyal. Hindi maaapektuhan ang estado ng iyong karapatan sa Medicare o Medicaid sa ibibigay mong impormasyon.

Kailangan mong sagutin ang mga tanong sa sarili mong paraan. Walang tama o maling kasagutan.

Impormasyon

1. Kumpletohin ang sumusunod na pahayag. Sinasagot ko ang surbeyong ito tungkol sa ...

- Aking sarili
 - Aking anak
 - Isang may sapat na gulang na binibigyan ko ng pangangalaga
 - Iba pa (*pakilarawan ang iyong relasyon sa taong ito*)
-

Pakiusap na isaisip ang taong pinili mo sa Tanong 1 (maaring ang iyong sarili o iba pa) sa pagsagot sa mga tanong. Kung ikaw ay nagbibigay ng sagot para sa ibang tao, pakiusap lang na piliin ang pinakamahusay na sagot na naglalarawan sa kanya.

2. ilang beses ka nakatanggap ng pangangalaga sa isang emergency room (ER) sa loob ng nakaraang 12 buwan?

Kung nasa ER ka ngayon, pakibilang ang iyong kasalukuyang pagbisita. Pakiusap na huwag isama sa bilang ang mga pagbisita sa urgent care.

- 0 beses
- 1 beses
- 2 o mahigit pang beses

3. Nakatira ka ba sa alinmang sumusunod na mga lugar?

- Nakatira ako sa isang assisted living facility (ito ay isang mapagpipiliang pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng mga serbisyong sumusuporta sa personal na pangangalaga tulad ng mga pagkain, paliligo, pagbibihis, o mga gamot)
- Nakatira ako sa isang nursing home (ito ay isang mapagpipiliang pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng 24 oras sa isang araw na pangangalagang medikal na maaaring hindi posibleng maibibigay sa ibang pabahay)
- Nakatira ako sa isang rehabilitation center o skilled nursing facility (ang mga ito ay mga sentro na tumutulong sa tao na magpagaling pagkatapos ng pagkakasakit o pinsala sa pagbibigay ng mga paggamot tulad ng terapewtikang pisikal, okupasyonal, o sa pagsasalita)
- Nakatira ako sa isang in-patient recovery program para sa problema sa droga o pag-inom ng alkohol
- Nakatira ako sa isang psychiatric facility (ito ay isang pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng paggamot para sa mga may karamdaman sa pag-uugali o sa emosyon)
- Nakatira ako sa isang correctional facility (gaya ng bilangguan, preso, sentro ng detensyon, o kulungan)
- Wala sa nabanggit sa itaas

→ Pumunta sa pahina 12

Bago ka magpatuloy, pakiusap na siguruhing nakapili ka ng mga tugon sa mga tanong sa itaas at natapos mo ang bahaging ito.

Pakiusap na isaisip ang taong pinili mo sa Tanong 1 (maaring ang iyong sarili o iba pa) sa pagsagot sa mga tanong. Kung ikaw ay nagbibigay ng sagot para sa ibang tao, pakiusap lang na piliin ang pinakamahusay na sagot na naglalarawan sa kanya.

Kalagayan sa Pamumuhay

4. Ano ang iyong kalagayan sa pamumuhay sa ngayon?

- Mayroon akong palagiang lugar na tirahan
- Mayroon akong lugar na tirahan sa ngayon, pero **nag-aalala ako** na mawawala ito sa hinaharap
- Wala akong palagiang lugar na tirahan (Ako ay pansamantalang nakikituloy sa ibang tao, sa isang hotel, sa isang silungan, nakatira sa labas sa kalye, sa tabing-dagat, sa loob ng isang sasakyan, sa isang abandonadong gusali, istasyon ng bus o tren, o sa isang parke)

5. Isipin mo ang tungkol sa lugar na tinitirahan mo. May mga problema ka ba tungkol sa alinman sa sumusunod?

PILIIN LAHAT NG NARARAPAT

- Mga peste tulad ng mga kulisap, langgam, o daga
- Amag
- Pintura o mga tubong may tingga
- Kulang sa pagpa-init
- Panghurno o kalan na hindi gumagana
- Nawawala o hindi gumaganang mga detektor ng usok
- Mga tulo ng tubig
- Wala sa nabanggit sa itaas

Pagkain

May ilang tao na nagbanggit ng mga sumusunod na salaysay tungkol sa kalagayan ng pagkain. Pakiusap na sagutin kung ang mga salaysay ay MADALAS, MINSAN, o HINDI KAILANMAN totoo para sa iyong sambayanan sa nakaraang 12 buwan.

6. Sa loob ng nakaraang 12 buwan, nag-alala ka na ang iyong pagkain ay mauubos bago ka makakuha ng pera upang makabili pa.
- Madalas na totoo
 - Minsan na totoo
 - Hindi kailanman na totoo
7. Sa loob ng nakaraang 12 buwan, ang pagkaing nabili mo ay hindi man lang nagtagal at wala kang pera upang makabili pa.
- Madalas na totoo
 - Minsan na totoo
 - Hindi kailanman na totoo

Transportasyon

8. Sa nakaraang 12 buwan, ang kawalan ba ng maaasahang transportasyon ay nakakapigil sa iyong pagpunta sa mga pangmedikal na pakikipagkita, mga pagpupulong, trabaho o sa pagkuha ng mga bagay na kailangan para sa araw-araw na pamumuhay?
- Oo
 - Hindi

Mga Kagamitan

9. Sa nakaraang 12 buwan, binalaan ka ba ng kumpanya na elektrisidad, gas, langis, o tubig na puputulin ang mga serbisyo sa iyong bahay?
- Oo
 - Hindi
 - Pinutol na

Kaligtasan

Dahil ang karahasan at pang-aabuso ay nangyayari sa maraming mga tao at naapektuhan ang kanilang kalusugan, itinatanong namin ang mga sumusunod na katanungan.

10. **Gaano kadalas na ang isang tao, kasama na ang iyong pamilya at mga kaibigan, ay sinasaktan ka ng pisikal?**
- Hindi kailanman
 - Bihira
 - Minsan
 - Medyo madalas
 - Madalas
11. **Gaano kadalas na ang isang tao, kasama na ang iyong pamilya at mga kaibigan, ay iniinsulto ka o kinakausap ka ng may panglalait?**
- Hindi kailanman
 - Bihira
 - Minsan
 - Medyo madalas
 - Madalas
12. **Gaano kadalas na ang isang tao, kasama na ang iyong pamilya at mga kaibigan, ay binabantaan ka ng may pananakit?**
- Hindi kailanman
 - Bihira
 - Minsan
 - Medyo madalas
 - Madalas
13. **Gaano kadalas na ang isang tao, kasama na ang iyong pamilya at mga kaibigan, ay sumisigaw o nagmumura sa iyo?**
- Hindi kailanman
 - Bihira
 - Minsan
 - Medyo madalas
 - Madalas

Pakiusap na isaisip ang taong pinili mo sa Tanong 1 (maaring ang iyong sarili o iba pa) sa pagsagot sa mga tanong. Kung ikaw ay nagbibigay ng sagot para sa ibang tao, pakiusap lang na piliin ang pinakamahusay na sagot na naglalarawan sa kanya.

Pinansyal na Paghihirap

- 14. Gaano kahirap sa iyo na magbayad sa mga pinakapangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, pabahay, pangangalagang medikal, at pang-init? Masasabi mo ba na ito ay...**
- Napakahirap
 - Medyo mahirap
 - Hindi naman mahirap

Trabaho

- 15. Gusto mo ba ng tulong sa paghahanap o pagpanatili ng pagtatrabaho o ng isang trabaho?**
- Oo, tulong sa paghanap ng trabaho
 - Oo, tulong sa pagpanatili ng trabaho
 - Hindi ko kailangan ng o gusto ng tulong

Suporta ng Pamilya at ng Komunidad

- 16. Kung sa anumang dahilan ay kailangan mo ng tulong para sa pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo, paghahanda ng mga pagkain, pamimili, pag-aalaga sa mga bata o mga sustentado, pamamahala ng mga kaperahan, atbp, nakakakuha ka ba ng tulong na kailangan mo?**
- Hindi ko kailangan ng anumang tulong
 - Nakakuha ko ang lahat ng tulong na kailangan ko
 - Mainam na makakuha ako ng kaunting tulong
 - Kailangan ko ng marami pang tulong
- 17. Gaano kadalas na nakakaramdam ka ng pag-iisa o hiwalay sa mga taong nasa kapaligiran mo?**
- Hindi kailanman
 - Bihira
 - Minsan
 - Madalas
 - Palagi

Edukasyon

- 18. Nakakapagsalita ka ba ng isang wika maliban sa Ingles sa bahay?**
- Oo
 - Hindi

19. **Gusto mo ba ng tulong sa eskuwela o sa pagsasanay? Halimbawa, sa pag-umpisa o pagtapos ng pagsasanay sa trabaho o pagkuha ng diploma para sa high school, GED o katumbas.**

- Oo
- Hindi

Pisikal na Aktibidad

20. **Sa nakaraang 30 araw, maliban sa mga aktibidad na ginagawa mo sa trabaho, sa karaniwan, ilang araw sa isang lingo ka nakisali sa isang katamtamang ehersisyo (tulad ng paglalakad ng mabilis, pagtakbo, mabagal na pagtakbo, pagsayaw, paglangoy, pabisikleta, o ibang katulad na mga aktibidad)?**

- 0
- 1
- 2
- 3
- 4
- 5
- 6
- 7

21. **Sa pangkaraniwan, ilang minuto ang palagian mong ginugugol sa ehersisyo sa ganitong antas sa isa sa mga araw na iyon?**

- 0
- 10
- 20
- 30
- 40
- 50
- 60
- 90
- 120
- 150 o higit pa

Paggamit ng droga

Ang mga sumusunod na mga tanong ay tungkol sa iyong karanasan sa pag-inom ng alkohol, sigarilyo, at iba pang mga droga. Ang ibang mga droga ay inireseta ng doktor (gaya ng mga gamot sa sakit), pero bilangin mo lang ang mga kinuha mo na may mga kadahilanan o sa mga dosis liban sa inireseta. Ang isang tanong ay tungkol sa bawal o illegal na paggamit ng droga, pero itatanong lamang namin upang malaman kung anong mga serbisyo sa komunidad ang maaring maibigay para makatulong sa iyo.

22. Ilang beses sa nakaraang 12 buwan ka nagkaroon ng 5 o higit pang pag-inom sa isang araw (para sa kalalakihan) o 4 o higit pang pag-inom sa isang araw (para sa kababaihan)? Ang isang pag-inom ay 12 onsa ng beer, 5 onsa ng alak, o 1.5 onsa ng 80-proof na espiritu.
- Hindi kalanman
 - Isa o dalawang beses
 - Buwanan
 - Lingguhan
 - Arawan o halos arawan
23. Ilang beses sa nakaraang 12 buwan ka gumamit ng mga produkto ng tabako (tulad ng sigarilyo, tabako, snuff, chew, o sigarilyong elektroniko)?
- Hindi kailanman
 - Isa o dalawang beses
 - Buwanan
 - Lingguhan
 - Arawan o halos arawan
24. Ilang beses sa nakaraang 12 buwan ka gumamit ng iniresetang mga gamot para sa hindi pang-medikal na dahilan?
- Hindi kailanman
 - Isa o dalawang beses
 - Buwanan
 - Lingguhan
 - Arawan o halos arawan
25. Ilang beses sa nakaraang 12 buwan ka gumamit ng ipinagbabawal na gamot o droga?
- Hindi kailanman
 - Isa o dalawang beses
 - Buwanan
 - Lingguhan
 - Arawan o halos arawan

Kalusugang Pangkaisipan

26. Sa loob ng nakaraang 2 linggo, gaano kadalas kang nabagabag ng alinman sa sumusunod na mga problema?

26a. Kaunting interes o kaligayahan sa paggawa ng mga bagay?

- Hindi naman
- Mga ilang araw
- Mahigit sa kalahati ng mga araw
- Halos araw-araw

26b. Nakakaramdam ng pananamlay, lungkot, o kawalang pag-asa?

- Hindi naman
- Mga ilang araw
- Mahigit sa kalahati ng mga araw
- Halos araw-araw

27. Ang pagkabahala ay isang pagkakataon kung saan ang isang tao ay nakakaramdam ng tension, di mapakali, nerbiyos, o pagkabalisa, o hindi makatulog sa gabi dahil sa pagkagulo ng isip sa buong panahon. Nakakaramdam ka ba ng ganitong pagkabahala nitong mga ilang araw?

- Hindi naman
- Kaunti
- Medyo
- Medyo kaunti
- Masyado

Mga Kapansanan

28. Dahil sa mga pisikal, pangkaisipan, o emosyonal na kundisyon, mayroon ka bang malubhang paghihirap sa pagtutuon ng pansin, pag-alala, o pagpapasiya? (edad 5 taon o higit pa)

- Oo
- Hindi

29. Dahil sa mga pisikal, pangkaisipan, o emosyonal na kundisyon, mayroon ka bang kahirapan sa paggawa ng mga dapat lakarin na mag-isa tulad ng pagbisita sa opisina ng doktor o pamimili? (edad 15 taon o higit pa)

- Oo
- Hindi

Mga Tungkol sa Iyo

Ngayon gusto naming malaman ang higit pa tungkol sa iyo.

Pakiusap na isaisip ang taong pinili mo sa Tanong 1 (maaring ang iyong sarili o iba pa) sa pagsagot sa mga tanong. Kung ikaw ay nagbibigay ng sagot para sa ibang tao, pakiusap lang na piliin ang pinakamahusay na sagot na naglalarawan sa kanya.

30. Ano ang iyong kasarian?

- Lalaki
- Babae

31. Ikaw ba ay Hispanic, Latino/a, o may nagmula sa Espanyol?

PILIIN LAHAT NG NARARAPAT

- Hindi, hindi nagmula sa Hispanic, Latino, o Espanyol
- Oo, Mexican, Mexican American, Chicano
- Oo, Puerto Rican
- Oo, Cuban
- Oo, iba pang Hispanic, Latino, o nagmula sa Espanyol

32. Alin sa isa o higit pa sa mga sumusunod ang masasabi mong lahi mo?

PILIIN LAHAT NG NARARAPAT

- American Indian/Alaska Native
- Asian
- Black o African American
- Native Hawaiian/Ibang Pacific Islander
- White
- Iba pa (*tukuyin*) _____

33. Ano ang pinakamataas na grado o taon sa eskuwela ang iyong natamo?

Kung sinasagot mo ang surbeyong ito para sa isang bata na may edad na mas mababa sa 18, pakisagot ang mga tanong tungkol sa kanyang magulang o legal na tagabantay.

- Hindi kailanman pumasok sa eskuwela o pumasok lang sa kindergarten
- Grado 1 hanggang 8 (Elementarya)
- Grado 9 hanggang 11 (Ilang high school)
- Grado 12 o GED (Nakatapos ng high school, diploma, o alternatibong kredensyal)
- Kolehiyo 1 taon hanggang to 3 taon (Ilang kolehiyo, Associate's degree, panghanapbuhay, bokasyonal, o teknikal na eskuwla)
- Kolehiyo 4 na taon o higit pa (Nakatapos ng Kolehiyo)

34. Ilang tao ang kasalukuyan mong kasama sa pamamahay?

Pakiusap na ibilang ang iyong sarili, ang iyong asawa o kasama sa buhay, mga anak, at iba pang mga sustentado. Kung namamahay kang mag-isa, ilagay ang 1.

|_|_| BILANG NG TAO

35. Ano ang iyong taunang kita sa sambahayan mula sa lahat ng pagkukunan?

Pakiusap na isama ang iyong kita pati na ang kita ng lahat ng ibinilang mo sa itaas na iyong sambahayan.

- Kulan sa \$10,000
- \$10,000 hanggang kulang sa \$15,000
- \$15,000 hanggang kulang sa \$20,000
- \$20,000 hanggang kulang sa \$25,000
- \$25,000 hanggang sa kulang sa \$35,000
- \$35,000 hanggang kulang sa \$50,000
- \$50,000 hanggang kulang sa \$75,000
- \$75,000 o higit pa

SALAMAT!

Maraming salamat sa pagsagot mo sa mga tanong na ito.